Volume III No. 2

Setyembre 2016

# INTERSECT
## QUICK FACTS



LARAWANG KUHA NI GERALD M. NICOLAS / ANG MGA ICON NA GINAMIT SA ISYUNG ITO AY DISENYO NG FREEPIK (http://www.flaticon.com/authors/freepik)

# ANG MGA BATA AT ANG *MINIMUM AGE OF CRIMINAL RESPONSIBILITY* (MACR):
## BAKIT HINDI DAPAT IBABA ANG MACR

Ang *Minimum Age of Criminal Responsibility* (MACR) ay ang pinakamababang edad kung kailan ang isang tao ay maaaring sampahan ng kaso sa korte at makulong. Sa ilalim ng *Juvenile Justice and Welfare Act of 2006* (JJWA) o Republic Act 9344, na inamyendahan ng Republic Act 10630, ang MACR sa Pilipinas ay itinakda sa 15 taong gulang; ibig sabihin, ang isang batang edad 15, o mas bata pa, na lumabag sa batas ay ipinalalagay na walang kriminal na pananagutan. Gayunpaman, kailangan niyang sumailalim sa isang *intervention program*.

May mga panukalang batas ngayon sa Kongreso na naglalayong ibaba ang MACR sa 9 na taong gulang.

Ang isyung ito ng *Intersect Quick Facts* ay magbibigay ng: (1) impormasyon tungkol sa mga karaniwang katangian (*profile*) ng mga batang may suliranin sa batas o *children in conflict with the law* (CICL), (2) mga pagtutuwid sa ilang maling akala tungkol sa mga CICL, (3) mga paliwanag kung bakit hindi dapat ibaba ang MACR, at (4) mga halimbawa ng mahusay na pagpapatupad ng JJWA.

*Pananaliksik at layout ni*
Anna Marie V. Alhambra

*Patnugot*
Melanie Ramos-Llana

## ANG *JUVENILE JUSTICE AND WELFARE ACT*

Ang *Juvenile Justice and Welfare Act* na ipinasa noong 2006 ay isang batas na lumilikha ng isang hiwalay na sistemang pangkatarungan para sa mga bata. Ginagabayan ng mga prinsipyo ng Katarungang Nagpapanumbalik o *Restorative Justice*, ang JJWA ay may mga proseso upang: (1) maiwasang maging CICL ang isang *child-at-risk* o CAR (*prevention*); (2) mailihis ang isang CICL sa pagpasok sa pormal na sistemang pangkatarungan (*diversion*); (3) tulungang makapagbagong-buhay ang isang CICL (*rehabilitation*); at (4) maibalik ang CICL sa kaniyang pamayanan (*reintegration*).

> "'CHILD IN CONFLICT WITH THE LAW' ang tawag sa isang batang ipinapalagay na nagkasala sa batas (*alleged as*), inaakusahan (*accused of*), o nahatulang (*adjudged as*) nakagawa ng paglabag sa batas."
>
> Section 4
> Republic Act 9344
> *Juvenile Justice and Welfare Act*

Sa unang apat na buwan ng taóng 2016, **1,297 CICL** ang natulungan ng mga *City at Municipal Social Welfare and Development Offices* (C/MSWDO) sa 15 rehiyon sa Pilipinas. Sumailalim ang mga CICL sa *community-based intervention*, *diversion*, at *after-care programs*.




Mayroon namang **755 CICL** ang naitalang kinupkop sa mga Bahay Pag-asa at iba pang institusyong kumakalinga sa mga kabataan.

MULA SA: *DATA ON CICL*, JUVENILE JUSTICE AND WELFARE COUNCIL (JJWC)

### ANG ISANG CICL AY KARANIWANG ...

- lalaki, mula 14 hanggang 17 taong gulang
- hindi nakatapos ng pag-aaral
- maaaring gumagamit ng droga o/at umiinom ng alak
- mula sa pamilya na may anim na miyembro
- nakagawa ng *property-related crimes* katulad ng pagnanakaw

MULA SA: *SITUATION OF THE FILIPINO CHILDREN*, 2012, COUNCIL FOR THE WELFARE OF CHILDREN (CWC)

### ANG ISANG CICL AY MAAARING MAGMULA SA PAMILYANG ...

- mahirap o 'di kaya'y walang maayos at tuluy-tuloy na hanapbuhay ang mga magulang (57.7%)
- hiwalay ang ama at ina (28.6%)
- nakaranas ng *domestic violence* (23.8%)

MULA SA: JJWC (2016 DATA FROM REGIONAL REHABILITATION CENTERS FOR THE YOUTH FROM THE DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT FIELD OFFICES)


# 'MGA MALING AKALA' VS 'ANG TOTOO'

## MAY MGA NAGSASABING:

Iba na ang mga bata ngayon. Marami na silang nalalaman at alam na nila ang tama at mali. Alam na nila kung ano ang kanilang ginagawa.

## ANG TOTOO:

Hindi katulad ng sa mga matatanda ang pag-iisip, kakayahang makisalamuha sa kapwa, at pagpapasya ng mga bata. Dahil hindi pa ganap ang pag-unlad ng mga bata (*developmental immaturity*), ito ay nagpapabawas sa kanilang kriminal na pananagutan.




Maraming pag-aaral sa larangan ng *child and adolescent development* at *juvenile delinquency* ang nagpapakita ng mga ebidensiya kung bakit hindi dapat pareho ang paraan ng pagpapanagot sa mga CICL at sa mga matatandang nagkasala sa batas.

"Ang isip ng mga bata o *adolescents* ay nasa proseso pa ng pag-unlad. Sa panahong ito, may mga mahahalagang pagbabago sa kanilang utak, partikular sa *prefrontal region*, na may kinalaman sa pagpipigil ng mga udyok ng sarili (*impulses*), sa pagpapasya, sa pagplaplano nang pangmatagalan, sa pagkontrol sa damdamin, at sa pagtitimbang sa mga panganib (*risks*) at mabubuting bunga (*rewards)* ng kanilang mga gawain. Ang mga ito ay hindi pa ganap na nabubuo hanggang sa *young adulthood* (*mid*-20s). Dahil dito, mas nahihimok silang gumawa ng mga bagay na mapanganib at labag sa batas. Bagama't masasabing kahit papaano ay may kakayahan silang maunawaan kung ano ang tama at mali (*discernment*), kulang pa rin ang kanilang kapasidad, dahil na rin sa kanilang murang edad, na makita ang pangmatagalang epekto (*impact*) ng kanilang mga desisyon sa kanilang sarili at kapaligiran."

MULA SA: PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, "POSITION PAPER ON HB 002 OR THE MINIMUM AGE OF CRIMINAL RESPONSIBILITY ACT" (24 AUGUST 2016); IMAHE MULA SA WIKIMEDIA COMMONS

---

## MAY MGA NAGSASABING:

Sobra na ang krimen sa ating lipunan at maraming mga bata ang nagiging kriminal sa murang edad. Kailangan natin silang hulihin para mabawasan ang mga krimen.

## ANG TOTOO:

Maliit na porsyento lamang ng kabuuang bilang ng krimen sa Pilipinas ang kinasasangkutan ng mga bata.

Ayon sa datos ng Philippine National Police (PNP), 98% ng mga naitalang krimen sa Pilipinas mula 2006 hanggang 2012 ay gawa ng mga matatanda.

**2% LAMANG NG KABUUANG BILANG NG KRIMEN ANG KINASASANGKUTAN NG MGA BATA.**

MULA SA: PNP ANNUAL COMPARATIVE STATISTICS CICL VS ADULTS, MGA BILANG AT PORSYENTO MULA JAN 2002-DEC 2012

Bagama't kanais-nais ang pagbaba sa *crime rate*, may mga mas epektibong pamamaraan sa paghawak sa mga kaso ng mga CICL nang hindi sila itinuturing na kriminal. Kabilang dito ang mga programang tutulong sa kanilang maituwid ang mga maling pag-iisip at pag-uugali, akuin at panagutan ang kanilang ginawa nang ayon sa kanilang edad at kapasidad, at magabayan ng mga matatandang itinuturing na positibong modelo. Kung ituturing nating kriminal ang mga bata, hahantong ito sa diskriminasyon laban sa kanila at hahadlang ito sa maayos nilang paglaki.

---

## MAY MGA NAGSASABING:

Ginagamit ng mga sindikato ang mga bata sa kanilang mga iligal na gawain. Dapat ibaba ang MACR para hindi na gamitin ang mga bata.

## ANG TOTOO:

Ang mga batang ginagamit ng mga sindikato ay biktima ng pagsasamantala at pang-aabuso. Ang dapat hulihin ay ang mga sindikatong nambibiktima ng mga bata.

Kung ang mga kriminal na sindikato ay gumagamit ng mga bata sa kanilang operasyon, malinaw na biktima ang mga bata. Samakatuwid, dapat sagipin ang mga bata mula sa kamay ng mga sindikato, bigyan sila ng tulong, at huwag ituring na mga kriminal. Ang mga sindikato ang siyang dapat na hulihin at parusahan. Kung ibababa ang MACR, maaaring gumamit ang mga sindikato ng mas bata pa sa 9 na taong gulang sa kanilang iligal na gawain.

**SA "WAR ON DRUGS" NG ADMINISTRASYONG DUTERTE, 66 SA MGA BATANG SUMUKO MULA HULYO-AGOSTO 2016 AY NAPAG-ALAMANG GINAMIT BILANG *DRUG COURIERS* O TAGAHATID NG DROGA.**

MULA SA: PHILIPPINE CENTER FOR INVESTIGATIVE JOURNALISM (PCIJ) AT DATOS MULA SA PNP

Paliwanag ng Psychological Association of the Philippines: "Ang mga bata ay karaniwang walang laban sa mga pananakot at pamumuwersa ng mga matatanda. Bilang mga bata, wala silang kalayaang katulad ng sa mga matatanda upang lubusang tumutol at iiwas ang sarili sa mga sitwasyong patungo sa paglabag sa batas (*criminal situations*)."

MULA SA: PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, "POSITION PAPER ON HB 002 OR THE MINIMUM AGE OF CRIMINAL RESPONSIBILITY ACT" (24 AUGUST 2016)

---

## MAY MGA NAGSASABING:

Hindi nabibigyan ng katarungan ang mga biktima kung hindi mapaparusahan ang batang nakagawa ng kasalanan.

## ANG TOTOO:

Sa ilalim ng JJWA, pinapanagot ang mga CICL sa kanilang nagawang pagkakamali sa paraang matutugunan din ang pangangailangan ng mga biktima (*restorative*).

Sa ilalim ng JJWA, mananagot ang isang CICL sa kanyang nagawang kamalian sa paraang iba sa mga matatanda. Kung tunay na naipatutupad ang mga probisyon ng JJWA, ang mga CICL ay hindi basta-basta pinalalaya na parang walang nangyari.

**ANG ISANG 9 NA TAÓNG GULANG NA BATA NA NAHULING NAGNAKAW AY WALANG KRIMINAL NA PANANAGUTAN, NGUNIT MAYROON PA RIN SIYANG PANANAGUTANG SIBIL (*CIVIL LIABILITY*).**

Sa tulong ng kanyang mga magulang, kailangan niyang bayaran ang mga danyos na resulta ng kamaliang kanyang nagawa. Kailangan din siyang sumailalim sa *intervention program* sa pangangasiwa ng isang *social worker*.

Inilalatag ng JJWA ang mga paraan kung paano dapat hawakan ang mga kaso ng mga batang walang kriminal na pananagutan, mga batang nakagawa ng malubhang paglabag sa batas, at mga batang paulit-ulit na gumagawa ng krimen.

## MAY MGA NAGSASABING:

Mahirap ipatupad ang JJWA. Hindi nito natutugunan ang problema ng mga batang lumalabag sa batas.

## ANG TOTOO:

**Sapat ang mga probisyon sa JJWA upang tugunan ang mga paglabag sa batas ng mga bata. Hinihikayat nito ang komunidad na gabayan ang mga bata sa kanilang paglaki upang hindi masangkot sa krimen. Ang karapatan ng mga bata ay hindi dapat ilagay sa kompromiso para lamang bilisan ang pagtugon sa kriminalidad. Kailangan nating palakasin ang mga institusyong nagpapatupad sa JJWA sa pamamagitan ng paglalaan sa mga ito ng sapat na pondo at paglinang sa kakayahan ng mga kawani. Sa halip na ibaba ang MACR, ang dapat ay palakasin ang pagpapatupad ng JJWA.**

### ANO ANG MANGYAYARI SA CICL NA NAKAGAWA NG MALUBHA O KAYA'Y PAULIT-ULIT NA PAGLABAG SA BATAS AT WALA PANG 15 TAONG GULANG?

Ang mga batang 12 hanggang 15 taong gulang na nakagawa ng malubhang paglabag sa batas o paulit-ulit na lumalabag sa batas ay kinukupkop sa isang Bahay Pag-asa upang sumailalim sa *intensive juvenile intervention program*. (Sec. 20 A and B, RA 10630).

Para sa mga batang wala pang 12 taong gulang, "ang awtoridad na dumakip sa kanila ay dapat abisuhan ang *local social welfare and development officer*, na siyang magpapasya ng nararapat na programa nang may pagsangguni sa nahuling mga bata at sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga" (Sec. 20, RA 9344).

Gaya ng ibang batas, maraming hamon sa pagpapatupad ng JJWA. Ngunit hindi dapat gamiting dahilan ang mga hamong ito upang ibaba ang MACR, sapagkat inilalagay nito sa alanganin ang karapatan ng mga batang mabigyan ng sapat na proteksyon at tunay na pangangalaga.

Sapat ang mga probisyon ng JJWA upang papanagutin ang mga CICL habang isinasaalang-alang ang kanilang edad, antas ng pag-unlad, at kakayahan. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

- ☑ **PREVENTION** — pag-iwas na maging CICL ang isang CAR
- ☑ **INTERVENTION** — pagpigil na maulit o lumala ang paglabag
- ☑ **DIVERSION** — paglihis sa CICL sa pagpasok sa pormal na sistemang pangkatarungan
- ☑ **REHABILITATION** — paggabay sa CICL na makapagbagong-buhay
- ☑ **REINTEGRATION TO THE COMMUNITY** — pagtulong sa CICL upang makabalik sa kanyang pamayanan

Sa isang pag-aaral na isinagawa ng United Nation's Children's Fund noong 2015, nakita na ang

**KAWALAN NG PAGPUPURSIGI O MALASAKIT (*COMMITMENT*) NG LOKAL NA PAMAHALAAN**

na ipatupad ang JJWA ay lubhang nakakaapekto sa paghahatid ng serbisyo sa mga CICL.

MULA SA: *EVALUATION OF THE INTERVENTION AND REHABILITATION PROGRAM IN RESIDENTIAL FACILITIES AND DIVERSION PROGRAMS FOR CHILDREN IN CONFLICT WITH THE LAW,* UNITED NATIONS CHILDREN'S FUND (UNICEF), JUNE 2015

> "'Bahay Pag-asa' ang tawag sa mga institusyong bukás nang 24-oras at nangangalaga sa mga bata. Ito ay pinopondohan at pinatatakbo ng mga lokal na pamahalaan o ng lisensyadong NGO. Nagbibigay ito ng panandaliang pangangalaga para sa mga CICL na 15 taong gulang ngunit wala pang 18 taong gulang na naghihintay ng desisyon mula sa hukuman. Ang bawat lalawigan at lungsod ay dapat magtayo, magpondo, at magpatakbo ng Bahay Pag-asa nang naaayon sa mga panuntunang ilalabas ng DSWD at pagtitibayin ng JJWC."
>
> RA 10630 *amending* RA 9344
> *Juvenile Justice and Welfare Act* (JJWA)

BAHAY PAG-ASA

**35** sa 114 na kinakailangang **BAHAY PAG-ASA** (sa 81 lalawigan at 33 lungsod) ang kasalukuyang nagbibigay ng serbisyo para sa mga CICL, ayon sa datos na nakalap noong Setyembre 2016.

Tatlo (3) sa mga ito ay pinatatakbo ng pamahalaang panlalawigan, 8 ng mga pamahalaang lungsod, 3 ng mga NGO, at 21 ng mga pamahalaang bayan.

MULA SA: *STATUS OF BAHAY PAG-ASA*, JJWC

---

## MAY MGA NAGSASABING:

Kailangang ikulong ang mga batang nagkasala sa batas upang hindi na sila muling lumabag sa batas at tuluyang maging mga kriminal o *hardened offenders*.

## ANG TOTOO:

**Ang pagkukulong sa mga bata sa mga bilangguan o mga katulad na pasilidad, lalo na kung sila ay musmos pa, ay maaaring magtulak pa sa kanilang maging *hardened offenders*.**

"Ang pagkulong sa mga bata ay ang pinakahuling dapat gawin, hindi ang una at nag-iisang opsyon."

MULA SA: UNITED NATIONS STANDARD MINIMUM RULES FOR THE ADMINISTRATION OF JUVENILE JUSTICE

"... ang paglalantad ng mga bata sa pormal na sistemang pangkatarungan, kung saan sila ay itinuturing na mga kriminal at lantad sa impluwensya ng mga kriminal, ay magbubunga sa pagkakaroon nila ng pagkakakilanlang kriminal o "*criminal identity*". Ayon sa mga pag-aaral, ang pagpasok ng mga bata sa pormal na sistemang pangkatarungan ay hindi balakid sa paggawa ng krimen, bagkus ay nagiging sanhi pa ng muli nilang paglabag sa batas."

MULA SA: PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, "POSITION PAPER ON HB 002 OR THE MINIMUM AGE OF CRIMINAL RESPONSIBILITY ACT" (24 AUGUST 2016)

Ang pagkulong sa mga bata ay mas magastos kumpara sa pagpapatupad ng *intervention programs* sa kanilang mismong komunidad o barangay.

Umaabot sa **₱224.09 BAWAT ARAW** ang gastos para sa bawat batang kinukupkop sa isang institusyon.

Ang isang CICL ay karaniwang namamalagi sa isang institusyon nang 1,196 araw o 3.28 taon mula sa kanyang pagkakaaresto hanggang matapos ang kanyang *rehabilitation* at *reintegration program*. Kung susumahin, ang halaga nito ay

**₱268,011.64 BAWAT BATA.**

MULA SA: 2012 JJWC POLICY PAPER

Ang panukalang pababain ang MACR ay nangangailangan ng karagdagan at malaking pondo para pangasiwaan ang isang sistemang maaaring lumikha pa ng mas maraming kriminal sa hinaharap.

# MGA HALIMBAWA NG MAHUSAY NA PAGTUGON SA MGA CICL

## MGA LOKAL NA PAMAHALAAN

### CHILDREN'S VILLAGE NG LUNGSOD NG DAVAO

Ang Children's Village sa Bago Oshiro, Davao City ay Bahay Pag-asa na nagsisilbing pansamantalang tirahan ng mga CICL habang dinidinig ang kanilang mga kaso sa korte. Nagsimula itong patakbuhin ng lokal na pamahalaan noong 2014. Isa na ito sa mga *fully operational* na Bahay Pag-asa sa buong bansa. Kinukupkop din dito ang mga CICL edad 13 hanggang 17.

Pinaglalaan ang mga bata ng oras para sa boluntaryong paggawa na nakabatay sa bigat ng nagawa nilang pagkakamali. Gumagawa sila ng talaarawan (*journal entries*), sumasailalim sa *psychological intervention*, at binibigyan ng *counselling*. Maaari rin silang mag-aral ng kursong bokasyunal na kinikilala ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

MULA SA: DAVAOCITY.GOV.PH / SUNSTAR DAVAO / RAPPLER.COM

### ANG COMPREHENSIVE LOCAL JUVENILE INTERVENTION PROGRAM SA LUNGSOD NG NAGA

Noong 2015, inaprubahan at pinagtibay ng Pamahalaang Lungsod ng Naga ang 3-*Year Local Comprehensive Juvenile Intervention Program* (LCJIP) mula 2015 hanggang 2017. Ang pagbuo ng LCJIP ay isa sa mga probisyon sa RA 9344 na naglalayong tiyaking isasama ng mga mga lokal na pamahalaan sa kanilang taunang *budget* ang isang *juvenile intervention program*. Ang Lungsod ng Naga ay isa sa mga unang lokal na pamahalaan sa Bikol na bumuo ng LCJIP upang maiwasang maging CICL ang mga *children at risk* (CAR).

Batay sa *Comprehensive National Juvenile Intervention Program*, ang LCJIP ay nagbibigay-pansin sa pag-unlad ng mga bata at tumutukoy sa mga ugat at sanhi ng kanilang paglabag sa batas. Ang LCJIP ay mayroon ding programa upang mabigyang proteksyon ang mga bata at maiiwas sila sa paglabag sa batas (*preventive intervention*). Tinutugunan din ng LCJIP ang mga pangangailangan ng mga CICL habang wala pang naitatayong Bahay Pag-asa ang Lungsod ng Naga.

MULA SA: REGION V DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT / NAGACITY.GOV.PH / PHILIPPINE INFORMATION AGENCY (PIA)

## MGA NGO

### HUMANITARIAN LEGAL ASSISTANCE FOUNDATION (HLAF)

Ang HLAF ay isang NGO na itinatag noong 2001. Isinusulong nito ang maayos na pagpapatupad ng JJWA. Sa pamamagitan ng kanilang *Restorative Action Program*, nagbibigay ang HLAF ng mga pagsasanay o *trainings* sa mga *Barangay Councils for the Protection of Children* (BCPC) sa mga lungsod ng Quezon, Malabon, at Navotas. Pinalalakas ng HLAF ang kakayahan ng mga BCPC sa paghawak ng mga kaso ng CICL, gamit ang prinsipyo ng *Restorative Justice*. Tatlong taon matapos ang tuluy-tuloy na pagsasanay, marami sa mga BCPC ang nagsabing malaki ang naitulong ng HLAF upang magampanan nila nang maayos ang kanilang mga tungkuling tulungan ang mga CICL sa kani-kanilang lugar.

MULA SA: HLAF.ORG.PH

### ACAY MISSIONS PHILIPPINES

Ang ACAY Missions Philippines ay isang NGO na itinatag noong 1997. Ang *MVP Second Chance Program* ng ACAY ay naglalayong mabigyan ng sapat na proteksyon at rehabilitasyon ang mga batang nasa *detention centers*. Ang programang ito ay may dalawang aspeto: ang *intervention* sa mga *detention centers* at *rehabilitation* o ang pagtulong sa pagbabalik sa komunidad ng mga CICL. Bahagi ng kanilang *intervention program* ang pagbisita sa mga *detention centers* sa Metro Manila at Tanay, Rizal, upang tulungan ang mga CICL na ibahagi ang kanilang mga saloobin, mag-abot ng tulong panligal, at magbigay ng mga pagsasanay sa mga CICL upang tulungan sila sa kanilang pagbabagong buhay. Noong 2010, kinilala ng Juvenile Justice and Welfare Council (JJWC) ang programa ng ACAY bilang "*Best Practice for the Youth in Jail*". Sa kanilang *reintegration program*, tinutulungan ng ACAY na maipasok sa pormal na edukasyon ang mga CICL. Nagbibigay din sila ng *psychosocial* at *family interventions*. Ayon sa ACAY, halos lahat (90%) ng mga batang naabot ng kanilang programa mula noong 2005 ay hindi na muling gumawa ng krimen at nabilanggo.

MULA SA: ACAYMISSION.COM

Ang isyung ito ay inilathala sa pakikipagtulungan ng:

PHILIPPINE ACTION FOR YOUTH OFFENDERS

CHILD RIGHTS NETWORK PHILIPPINES

CIVIL SOCIETY COALITION ON THE CONVENTION ON THE RIGHTS OF THE CHILD

Ang John J. Carroll Institute on Church and Social Issues (JJCICSI) ay miyembro ng PAYO, CRN, at CSC-CRC.

Tutulan natin ang pagbababa ng *Minimum Age of Criminal Responsibility*.

Gamitin ang hashtag

**#ChildrenNotCriminals**

sa Facebook at Twitter.

JOHN J. CARROLL INSTITUTE ON CHURCH AND SOCIAL ISSUES

The present moment is crucial. The work to be done is urgent.

2/F Benigno Mayo Hall
Social Development Complex
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City

Email jjcicsi@gmail.com
Tel (632) 426.6001 ext. 4655 to 4668
Fax (632) 426.6070
Web www.jjcicsi.org.ph
Facebook www.facebook.com/JJCICSI